

勵馨基金會
The Garden of Hope Foundation



# INTRODUKSIYON UKOL SA MGA BATAS, PAGPAPAKILALA UKOL SA MGA KLASE NG PAGLIBAN SA TRABAHO (LEAVES)

## MGA MANGGAGAWA SA SEKTOR NG INDUSTRIYA AT MGA CARETAKER NG NURSING HOMES

Simple Guide

#Wo_Space Women Womb Work

黑暗宇宙中打造妳溫暖的窩

Get Warm Whenever You Need

黑暗宇宙中打造妳溫暖的窩
Get Warm Whenever You Need

MGA MANGGAGAWA SA SEKTOR NG INDUSTRIYA AT MGA CARETAKER NG NURSING HOMES

# ANONG MGA BATAS MAYROON ANG TAIWAN UPANG MAPANGALAGAAN ANG MGA KARAPATAN NG MGA BUNTIS NA MANGGAGAWA?

1

## Batas sa Pagkapantay-pantay ng Karapatan ng Magkaibang Kasarian sa Trabaho:

upang maprotektahan ang pagkakapantay-pantay ng karapatan ng magkaibang kasarian, alisin ang diskriminasyon,itaguyod ang diwa ng pagkakapantay-pantay ng katayuan ng magkaibang kasarian

2

## Batas sa Mga Serbisyo sa Pagtatrabaho:

upang itaguyod ang pagkakaroon ng trabaho ng mga mamamayan, mapahusay ang lipunan at pag-unlad ng ekonomiya

3

## Batas Ng Pamantayan sa Paggawa:

Upang magtakda ng pinakamababang pamantayan para sa mgaregulasyon sa pagtatrabaho,protektahan ang mga karapatan ng mga manggagawa

※ Ang nasabing batas ay nauukol lang sa mga manggagawa sa sector ng Industiya at mga caretaker sa Nursing Homes

勵馨基金會
The Garden of Hope Foundation

# MAAARI BA AKONG MAGBUNTIS AT MANGANAK SA TAIWAN?

Ang Taiwan ay walang anumang regulasyon ukol sa pagbabawal na pagbubuntis.

Anuman ang iyong nasyonalidad, uri ng trabaho,ang lahat ng mga manggagawa ay sakop ng Batas sa Pagkapantay-pantay ng Magkaibang Kasarian sa Trabaho, kahit na caretaker o kasambahay na hindi sakop ng Batas ng Pamantayan sa Paggawa,

ang karapatan sa pagbubuntis at panganganak dito sa Taiwan ay bibigyan din ng proteksyon katulad ng iba.

黑暗宇宙中打造妳溫暖的窩

Get Warm Whenever You Need

MGA MANGGAGAWA SA SEKTOR NG INDUSTRIYA AT MGA CARETAKER NG NURSING HOMES

# MGA HAKBANG UPANG ITAGUYOD ANG PAGKAPANTAY-PANTAY NG KARAPATAN SA TRABAHO

- May 7 araw na sweldong tatanggapin sa Maternity Leave
- May 7 araw na 「Pre-Natal Check-up Acoompaniment Leave at Paternity Leave with Pay」
- Maternity Leave
- Pregnancy Bed Rest Leave (Tocolysis)
- Parental Job Retention Leave with No Pay
- Family Caring Leave

Alamin ang mas maraming detalye

勵馨基金會

The Garden of Hope Foundation

# 7 ARAW NA MATERNITY LEAVE WITH PAY

1. Pag-aplay ng leave sa panahon ng pagbubuntis at panganganak
2. Ang nag-aaplay ng leave ay maaaring mamili kung「buong araw」,「kalahating araw」o「per ora」
(kung「per ora」, maaaring mag-aplay ng 56 na oras sa kabuuan)
3. Hindi na maaaring baguhin o palitan kapag nakapili na
4. May sweldo pa rin na matatanggap sa panahon ng leave of absence

黑暗宇宙中打造妳溫暖的窩
Get Warm Whenever You Need

MGA MANGGAGAWA SA SEKTOR NG INDUSTRIYA AT MGA CARETAKER NG NURSING HOMES

# 7 ARAW NA 「PRE-NATAL CHECK-UP ACOOMPANIMENT LEAVE AT PATERNITY LEAVE WITH PAY」

Sa kabuuang 7 araw na napapaloob, kusang magdesisyon kung ilang araw ang nais na leave of absence para sa 「Pre-Natal Check-up Acoompaniment Leave o Paternity Leave with Pay」

1. Panahon ng pag-aaplay ng 「Pre-Natal Check-up Acoompaniment Leave with Pay」: Sa panahon ng pagbubuntis ng maybahay.

   Panahon ng pag-aaplay ng 「Paternity Leave with Pay」: Mismong araw ng paglelabor, kabuuang 15 araw mula umpisa at pagkatapos

2. Ang nag-aaplay ng leave ay maaaring mamili kung 「buong araw」, 「kalahating araw」 o 「per ora」
   (kung 「per ora」, maaaring mag-aplay ng 56 na oras sa kabuuan)

3. Hindi na maaaring baguhin o palitan kapag nakapili na.

4. May sweldo pa rin na matatanggap sa panahon ng leave of absence

※ Ang sakramento ng kasal ng mag-asawa ay kailangang dumaan sa berepikasyon ng ahensya ng gobyerno ng Taiwan

勵馨基金會
The Garden of Hope Foundation

# MATERNITY LEAVE

KONDISYONES:

Buntis ng eksaktong 20 na linggo at nanganak

BILANG NG PANAHON NG LEAVE:

8 linggo

SWELDO:

Kung ang manggagawa ay umabot na ng 6 na buwan sa employer, kabuuang sweldo ang ibibigay;

Kung hindi pa, kalahati lang ng sweldo ang babayaran

MGA MANGGAGAWA SA SEKTOR NG INDUSTRIYA AT MGA CARETAKER NG NURSING HOMES

# MISCARRIAGE LEAVE

Kondisyones:

- Nagkaroon ng miscarriage(nakunan) sa ikatlong buwan ng pagbubuntis o higit pa → 4 na linggo
- Nagkaroon ng miscarriage(nakunan) sa ikalawang buwan at wala pang kabuuang 3 buwan ng pagbubuntis → 1 linggo
- Nagkaroon ng miscarriage (nakunan) sa ikalawang buwan ng pagbubuntis → 5 araw

Bilang ng Panahon ng Leave:
Ang pagkalkula sa bilang ng panahon ng leave ay ayon sa nakasaad sa kondisyones

Sweldo:
Nagkaroon ng miscarriage(nakunan) sa ikatlong buwan ng pagbubuntis o higit pa:
Kung ang manggagawa ay umabot na ng 6 na buwan sa employer, kabuuang sweldo ang ibibigay;
At kung hindi pa, kalahati lang ng sweldo ang babayaran

# PREGNANCY BED REST LEAVE (TOCOLYSIS)

Klase ng Leave of Absence:
Mga manggagawang napapailalim sa Batas

- Sa out patient category, hindi maaaring lumampas ng 30 araw sa isang buong taon
- Sa in patient category, hindi maaaring lumampas ng 1 taon sa loob ng kabuuang 2 taon
- Ang bilang ng araw para sa out-patient at in-patient Sickness and Injury Leave ay hindi maaaring lumampas ng 1 taon sa loob ng kabuuang 2 taon

Kondisyones:
Kailangang dumaan sa pagsusuri at na-diagnosed ng doctor na kinakailangang mag-bed rest

※ May nakalagay na bilang ng araw ng pamamahinga sa medical certificate

Sweldo:
Sa pangkaraniwang Sickness and Injury Leave na hindi lumampas ng 30 araw sa loob ng kabuuang 1 taon,kalahati ng sweldo ang ibibigay. Ang lumampas dito ay hindi bibigyan ng sweldo

# MATERNITY JOB RETENTION LEAVE WITHOUT PAY

Kondisyones at Bilang ng Araw/Buwan:

- Kasalukuyang empleyado na nakapagtrabaho ng saktong 6 na buwan, anak na wala pang 3 taon
- Pinakamahaba ay 2 taon. Kasabay nito ay may higit sa 2 anak na wala pang 3 taon na ang bilang ay isinama sa pagkalkula, ang pinakamahaba ay ibabase sa pinakabatang anak na may 2 taong limitasyon

Bilang ng Beses ng Pag-aaplay:

- Kung sa panahon ng aplikasyon ay mababa/kulang sa 6 na buwan ngunit hindi bababa ng 30 araw at ang limistasyon ay 2 beses lamang; Kasabay nito ay may higit sa 2 anak na wala pang 3 taon na ang bilang ay isinama sa pagkalkula, ang pinakamahaba ay ibabase sa pinakabatang anak na ang limitasyon ay 2 beses
- Kung sa panahon ng aplikasyon ay humigit sa 6 na buwan, walang limitasyon ang bilang ng beses sa pag-aaplay, ngunit nararapat lamang na ito ay umayon sa mga itinakdang regulasyon ukol sa kondisyones at bilang ng araw/buwan ng aplikasyon.

Proseso ng pag-aaplay:

Ang empleyado ay nararapat na ipagbigay alam sa employer ang kagustuhang mag-aplay sa loob ng 10 araw sa pamamagitan ng sulat

MGA MANGGAGAWA SA SEKTOR NG INDUSTRIYA AT MGA CARETAKER NG NURSING HOMES

# FAMILY CARING LEAVE

Kondisyones:

Mga sumusunod na mga pangyayaring naganap sa pagitan ng miyembro ng pamilya, na nangangailangan ng personal na pangangalaga ng empleyado:

- Pagpapabakuna
- Pagkakaroon ng malubhang karamdaman
- Iba pang mga malalaking aksidente

Bilang ng araw:

- 7 araw sa isang buong taon
- Ang bilang ng araw ng leave ay ikakalkula bilang personal leave

Sweldo:

Naaayon sa batas at regulasyon ng leave of absence ng manggagawa, na walang ibibigay na sweldo sa panahon ng personal leave

※ Upang mapatunayan na legal ang tinaguriang asawa sa loob ng pamilya, ang legalidad ng kasal ay kinakailangang dumaan sa pagpapatunay ng ahensya ng gobyerno ng Taiwan

# PARA SA MGA DETALYADONG BATAS AT REGULASYON, MANGYARING SUMANGGUNI SA:

(may English Link na inilagay)

Batas sa Pagkakapantay-pantay ng Kasarian

https://law.moj.gov.tw/ENG/LawClass/LawAll.aspx?pcode=N0030014

Batas sa Mga Serbisyo sa Pagtatrabaho

https://law.moj.gov.tw/ENG/LawClass/LawAll.aspx?pcode=N0090001

Batas Ng Pamantayan sa Paggawa

https://law.moj.gov.tw/ENG/LawClass/LawAll.aspx?pcode=N0030001



勵馨基金會
The Garden of Hope Foundation



## ANG SUSUNOD NA ARTIKULO NA IPAPAALAM SA INYO AY ANG PAKSA TUNGKOL SA

# 《ARTIKULO SA PAGBUBUNTIS》

## ATING PAG-UUSAPAN ANG MGA SITWASYON NA NAEENKWENTRO SA PANAHON NG PAGBUBUNTIS Q&A

Kung mayroong ibig na maunawaang mensahe, ikinalulugod namin na kayo ay mag-text upang magtanong

O TUMAWAG SA TELEPONO: 03-2522522

Upang ang #Wo _ Space ay makatulong sa inyo

#Wo_Space
Women
Womb Work
黑暗宇宙中打造妳溫暖的窩
Get Warm Whenever You Need